OpenDoors
TRANSITION CENTER

Maraming taong nakatira sa mga nursing home ang nais bumalik sa isang tahanan sa komunidad. Makakatulong ang Open Doors Transition Center. Mayroon kaming mga Espesyalista sa Transisyon na pamilyar sa mga lokal na kontak. Makakatulong sila sa iyo na matukoy kung ano ang mga suporta at serbisyo na kakailanganin mo para makabalik sa tahanan. Maaaring kasama rito ang paghahanap ng abot-kayang pabahay na tumutugon sa iyong mga pisikal na pangangailangan, pag-access sa mga benepisyo tulad ng Medicaid, o pag-access ng mga serbisyo tulad ng mga personal na alalay, pagbabago sa tahanan, assistive na teknolohiya, at mga tagapagbigay ng medikal na serbisyo sa komunidad. Nagtatrabaho kami kasama ng kawani ng iyong nursing home at mga programa sa komunidad para makagawa ng plano sa pag-discharge na tutugon sa iyong mga pangangailangan at magbibigay-daan sa iyo na magsarili hangga't maaari. Tumatanggap kami ng mga referral mula sa mga residente ng nursing home, kanilang mga mahal sa buhay, mga tagapagtaguyod, at kawani ng nursing home. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagbalik sa komunidad, maaaring makipagkita sa iyo ang Espesyalista sa Transisyon para pag-usapan ang iyong mga opsyon.

MONEY FOLLOWS THE PERSON

Ginawa ang dokumentong ito sa ilalim ng kaloob na CFDA 93.791 mula sa Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng E.U., Mga Sentro para sa Mga Serbisyong Medicare at Medicaid. Gayunman, ang mga nilalamang ito ay hindi kumakatawan sa patakaran ng Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng E.U., at hindi ka dapat umasa ng pag-endorso ng pamahalaang pederal.

OpenDoors
PEER PROGRAM

Ikaw ba ay interesadong umalis sa nursing home at lumipat sa isang apartment o tahanan sa komunidad? Iniisip mo ba kung paano ka mabubuhay nang nagsasarili kapag umalis ka sa nursing home? Gusto mo ba ng makakausap? Nagtutugma ang Open Doors Peer Program ng mga mapagkalingang kinatawan sa mga taong gusto umuwi sa tahanan. Ang mga kinatawan ay may kapansanan at gumagamit ng mga serbisyo at suporta ng kanilang komunidad para matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan. Marami sa mga kinatawan ang tumira sa nursing home noon at may personal na karanasan sa proseso ng transisyon. Sa kalaunan, ikaw at ang kinatawan ay makapagtutukoy ng mga mapagkukunan na available sa iyong komunidad. Makikipagkita sa iyo ang kinatawan ayon sa iskedyul mo, at makikipagtulungan siya sa iyo sa buong proseso ng transisyon.

Para matuto pa, tumawag sa amin, toll free, sa 844.545.7108 o bisitahin ang www.ilny.org